



Paunawa ng Suspensyon o Paghihigpit ng mga Panloob na Aktibidad

Nobyembre 16, 2020

Ang San Francisco ay nakakaranas ng mabilis at makabuluhang pagtaas ng mga kaso ng COVID-19. Ang pagtaas ng mga kaso ay nangangahulugan na ang panukat ng kalusugan ng San Francisco ay matugunan ang mga pamantayan na mailipat mula sa "dilaw" o minimal na antas ng kulay-coded na balangkas ng panganib ng Estado sa mas mahigpit na antas. Maliban kung kumilos ang San Francisco para pigilan ang pagtaas ng mga kaso, nanganganib ang San Francisco na malaglag sa mas mahigpit na kategorya. Alinsunod dito, ang Opisyal ng Kalusugan ay nagsuspendi o naghigpit sa ilang mga aktibidad na panloob. Kung ang pagtaas ng mga kaso ay magpatuloy, ang Opisyal ng Kalusugan ay maaaring, simula sa mga karagdagang panloob na aktibidad, pinalawak na paghihigpit o suspendihin ang iba pang mga gawain na kasalukuyang pinapayagan sa ilalim ng Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan C19-07 ay maaaring baguhin.

Important Note: Epektibo tulad ng nabanggit sa talahanayan sa ibaba, inutos ng Opisyal ng Kalusugan ang suspensyon o paghihigpit sa kapasidad ng mga aktibidad tulad ng makikita sa talahanayan sa ibaba. Ang suspensyon o paghihigpit na ito ay binabago ang anumang kaugnay na mga kautusan, direktiba, o patnubay. Lahat ng apektadong mga tao at entidad ay kinakailangan sumunod sa mga bagong limitasyon at dapat patuloy na subaybayan at sumunod sa lahat ng naaangkop na mga [Kautusan sa Kalusugan](#) at [Direktiba](#).

Aktibidad at Binagong Kautusan o Direktiba	Apektadong mga Grupo	Epektibo ang pagbabago simula sa petsa sa itaas
Mga Pasilidad ng mga Opisina Direktiba 2020-18	Hindi mahalagang mga opisina	PINAGHIGPITAN simula Martes, Nobyembre 17, 2020 Ang mga hindi mahalagang mga opisina ay maaaring magpatuloy ng Pinakamababang Basikong Pag-oopera (Minimum Basic Operations) tulad ng nakabalangkas sa Kautusan ng Kalusugan, kung hindi man suspendido.
Panloob na Gym / Fitness Centers Kautusan C19-07 Apendiks C-1 Direktiba 2020-31	Mga Gym Fitness Centers	PINAGHIGPITAN simula Martes, Nobyembre 17, 2020 Kabuuang Limitadong Kapasidad ay nabawasan sa 10% o 50 katao, alinman ang mas kaunti. Ang kabuuang bilang ng mga tao kasama ang mga Tauhan at lahat ng iba pang tao sa pasilidad.
Panloob na Kainan Kautusan C19-07 Apendiks C-1 Direktiba 2020-16	Restawran Bar na may pagkain Shopping mall na may pagkain Hotels na may Restawran Museo, Zoo and Aquariumna may Restawran Gym na may pagkain Kapetirya ng mga Opisina	SUSPENDIDO simula Linggo, Nobyembre 14, 2020 Walang pinapayagan ng Panloob na Kainan. Suspendido hanggang sa karagdagang paunawa.



<p>Panloob na Sinehan</p> <p>Kautusan C19-07 Apendiks C1 Direktiba 2020-35</p>	<p>Sinehan</p>	<p>PINAGHIGPITAN simula Linggo, Nobyembre 14, 2020</p> <p>Para sa mga complex ng panloob na sinehan na may maramihang mga indibidwal na mga teatro, ang kapasidad para sa buong complex ay limitado sa 25%, at ang limitasyon para sa bawat indibidwal na teatro o auditorium ay 50 katao. Ang kabuuang bilang ng mga tao kasama ang mga Tauhan at lahat ng iba pang tao sa pasilidad.</p>
---	----------------	---



Mga Tip at Madalas Itanong para sa Mga Pagtitipon

NA-UPDATE noong Nobyembre 3, 2020

AUDIENCE: Mga host, organizer, at kalahok ng mga pagtitipon ng mga tao mula sa mahigit sa isang sambahayan. Hindi nalalapat ang impormasyong ito sa mga pagtitipon ng mga taong naninirahan sa iisang sambahayan.

BACKGROUND: Pinapayagan ng Mga Direktiba sa Kalusugan ng San Francisco na magtipon-tipon ang mga tao mula sa magkakaibang sambahayan, nang may mga paghihigpit para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19. Tinatalakay sa sheet ng tip na ito ang mga madalas itanong tungkol sa kung paano ligtas na mag-organisa, mag-host, at lumahok sa mga pagtitipon ng mga tao mula sa magkakaibang sambahayan.


Ang Mga Direktiba at nauugnay na dokumento ay makikita sa [pahinang Health Directives \(Mga Direktiba sa Kalusugan\)](#) sa ilalim ng Gatherings (Mga Pagtitipon).

- Direktiba 2020-19 – Mga Outdoor na Pagtitipon
- Direktiba 2020-28 – Mga Drive-in na Pagtitipon
- Direktiba 2020-34 – Indoor na Pagsamba

May makikitang karagdagang gabay sa www.sfcddp.org/covid19.


Mga pagbabago sa Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ) na ito mula sa Okt. 20 na Bersyon:

- Maaaring magkaroon ng hanggang 6 na live na nagtatanghal ang Mga Drive-in na Pagtitipon. Dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha/mask at sumunod sa mga Panuntunan sa Social Distancing ang lahat ng nagtatanghal. Dapat magpanatili ng 12 talampakang layo mula sa ibang tao ang mga nagtatanghal na kumakanta, sumisigaw, nagcha-chant, o tumutugtog ng wind instrument. Isang nagtatanghal lang sa bawat pagkakataon ang pinapayagang kumanta, sumigaw, mag-chant, o tumugtog ng wind instrument.
- Mandatoryong karatula sa pag-uulat ng mga paglabag sa kautusan sa kalusugan: Simula sa Nob. 10, dapat magpaskil ng mga karatula ang mga negosyo at organisasyon na nagpapatid sa mga tauhan na maaari silang mag-ulat ng mga paglabag sa mga kautusan sa kalusugan hinggil sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 o pagbisita sa sf311.org. Dapat isaad ng mga karatula na mananatiling anonymous ang pagkakakilanlan ng empleyado.
- May idinagdag na impormasyon tungkol sa bentilasyon at kaligtasan sa sunog.
- Tandaan: Hindi pa rin pinapayagan ang mga indoor na pagtitipon ng iba't ibang sambahayan.



Pangkalahatang-ideya ng Mga Uri ng Mga Pagtitipon

	URI NG PAGTITIPON	PAGLALARAWAN NG PAGTITIPON	MAXIMUM NA PINAPAYAGAN
Outdoor	Mga Outdoor na Pagtitipon para sa Pagkain	Mga pagtitipon kung saan may nagaganap na pagkain o pag-inom	6 na tao mula sa hindi hihigit sa 3 sambahayan
	Mga Outdoor na Espesyal na Pagtitipon	Mga politikal na protesta; Mga serbisyo o seremonya sa relihiyon, kabilang ang mga seremonya ng kasal at libing, pero hindi ang mga reception;	200 tao
	Maliit na Outdoor na Pagtitipon	Lahat ng iba pang uri ng outdoor na pagtitipon (hal. mga reception, pagtitipon sa parke, hino-host na tour)	25 tao mula sa hindi hihigit sa 3 sambahayan
	Mga Drive-in na Pagtitipon	Sa mga sasakyan (hal., para sa pelikula)	100 sasakyan; dapat magmula sa iisang sambahayan ang lahat ng taong nasa loob ng isang sasakyan
Indoor	Mga Indoor na Pagtitipon para sa Panrelihiyon at Pangkulturang Seremonya	Mga indoor na panrelihiyon at pangkulturang seremonya, kabilang ang mga seremonya ng kasal at libing pero hindi ang mga reception	25% ng kapasidad o 100 tao, alinman ang mas kaunti Limitasyon sa oras: 2 oras



Mga Madalas Itanong

Paano Kumakalat ang COVID-19?

Ayon sa aming kasalukuyang pagkakaunawa, kadalasang naikakalat ang COVID-19 mula sa isang tao patungo sa isa pa sa hangin sa pamamagitan ng mga droplet na may virus sa hininga ng isang taong may COVID-19. Sumasama ang mga respiratory droplet na ito sa hangin sa tuwing humihinga ang isang tao. Mas marami pang droplet ang sumasama sa hangin kapag nagsasalita, kumakanta, umuubo, o bumabahing ang mga nahawahang tao. Posibleng walang sintomas ang mga taong may COVID-19 at nakakapagbuga pa rin sila ng mga droplet na may virus na posibleng makahawa sa iba. Maaaring mangyari ang transmisyong sa pamamagitan ng:

- Mas malalaking droplet. Kung minsan, tinatawag na “ballistic droplet” ang mas malalaking droplet na ito dahil ang mga ito ay kumakalat sa mga tuwid na linya at hinihila pababa ng gravity. Mahahawahan ang mga taong nasa malapit, na karaniwang sa loob ng 6 na talampakan, kapag nalanghap nila ang mga droplet na ito o kapag napunta ang mga droplet sa kanilang mata, ilong, o bibig.
- Mas maliliit na droplet o nakakahawang particle. Maaaring lumutang sa hangin ang mga ito sa loob ng isang partikular na panahon at/o maaari itong kumalat nang lampas sa 6 na talampakan sa mga daloy ng hangin sa loob ng mga gusali, lalo na sa mga kulob na lugar na may hindi magandang bentilasyon. Nahahawahan ang mga taong nasa iisang lugar kapag nalanghap nila ang mas maliliit na droplet at particle na ito o kapag napunta ang mga droplet o particle sa kanilang mata, ilong, o bibig – kahit na mahigit 6 na talampakan ang layo nila sa isa't isa. Kung minsan, tinatawag na “aerosol” o “bioaerosol” ang mga droplet na ito.

Maaari ding kumalat ang COVID-19 kung hahawakan ng isang tao ang kanyang mata, ilong, o bibig pagkatapos humawak sa kontaminadong surface (na kilala din bilang fomite), gayunpaman, hindi ito gaanong pangkaraniwan.

Paano ako mananatiling ligtas hangga't maaari sa isang pagtitipon?

- Magsuot ng pantakip sa mukha o mask sa lahat ng oras. Kinakailangan ang pantakip sa mukha sa lahat ng pagtitipon sa labas ng bahay.
- Huwag manatili nang matagal. Mas ligtas kung sandali ka lang makikisalamuha sa mga taong hindi mo kasama sa bahay.
- Magpanatili ng 6 na talampakang layo mula sa mga taong hindi bahagi ng iyong sambahayan.
- Lumahok lang sa mga aktibidad o sports kung saan makakapagpanatili ka ng 6 na talampakang layo mula sa mga taong hindi bahagi ng iyong sambahayan. Mas mataas ang panganib ng sports at ehersisyo dahil gumagawa ng mas maraming respiratory droplet ang mga tao kapag hinihingal sila. Ang mga bola at iba pang kagamitan sa sports ay maaari lamang pagsalitan ng dalawang sambahayan.
- Umiwas sa mga aktibidad gaya ng pagkanta, pag-chant, pagsigaw, at pagtugtog ng mga wind o brass instrument. Mas maraming respiratory droplet ang nagagawa sa mga aktibidad na ito, na nagpapataas sa panganib ng COVID-19. Kung kailangan mong lumahok sa, o maging malapit sa mga taong kumakanta, nagcha-chant, sumisigaw, o tumutugtog ng mga wind instrument, tingnan ang *“Paano magagawa nang mas ligtas ang pagkanta, pag-chant, pagsigaw, at pagtugtog ng mga wind o brass instrument?”*
- Hugasan o i-sanitize nang madalas ang iyong mga kamay. Magdala ng sarili mong hand sanitizer sa mga pagtitipon kung saan walang lugar para hugasan o i-sanitize ang iyong mga kamay.



- Isaalang-alang na manatili sa bahay kung mas malaki ang posibilidad mong magkaroon ng malubhang sakit dulot ng COVID-19 dahil sa iyong edad o mga medikal na kundisyon. Tingnan ang <https://www.sfdcp.org/vulnerable> para sa listahan ng mga grupong nasa mas mataas na panganib.
- Panatilihin ang iba: huwag dumalo kung masama ang pakiramdam mo o ng iyong kapamilya o mayroon kayong mga sintomas na katulad ng sa COVID-19. Para sa listahan ng mga sintomas, tingnan ang www.sfdph.org/dph/alerts/covid-guidance/covid-screening.pdf.
- Magpabakuna laban sa trangkaso. Mahalagang pigilan ang influenza sa panahon ng epidemyang dulot ng COVID-19, dahil ang mga taong magkasabay na may trangkaso at COVID-19 ay may mas malaking posibilidad na mamatay.

Bilang negosyo o organisasyong magho-host ng pagtitipon, ano ang dapat kong gawin?


- Kumpletuhin, panatilihin, at ipatupad ang mga sumusunod na dokumento:
 - Isang **Plano sa Kalusugan at Kaligtasan** para sa uri ng pagtitipon, kabilang ang pagsusuri para sa COVID-19 para sa lahat ng [tauhan](http://www.sfdcp.org/screening-handout) (www.sfdcp.org/screening-handout) at [kalahok](http://www.sfdcp.org/screeningvisitors) (www.sfdcp.org/screeningvisitors). Ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan ay dapat ibigay sa Mga Tauhan ng Host, gawing available sa mga kalahok, at nakapaskil sa aktuwal na pasukan ng lugar kung saan gaganapin ang event ng Host. Tingnan ang www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-health-directives.asp para mahanap ang tamang link para sa iyong pagtitipon.
 - **Protokol ng SFDPH sa Social Distancing** kabilang ang plano sa paglilinis at pag-disinfect ng mga madalas hawakang surface gaya ng mga upuan, pinto, at iba pa bago ang bawat Pagtitipon (tingnan ang [SFDPH Cleaning/Disinfection Guidance \(Gabay sa Paglilinis/Pag-disinfect ng SFDPH\)](http://www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-health-directives.asp), na naka-post sa www.sfdcp.org/covidcleaning).
 - **Karatula sa pag-uulat ng mga paglabag sa Mga Kautusan sa Kalusugan hinggil sa COVID-19.** Simula sa Nob. 10, kakailanganin ang mga Host na negosyo o organisasyon na magpaskil ng mga karatula sa mga break room o lugar para sa pagpapahinga ng mga empleyado na nagpapabatid sa mga empleyado ng karapatang mag-ulat ng mga paglabag sa mga kautusan at direktiba sa kalusugan hinggil sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 o pagbisita sa www.sf.gov/report-health-order-violation. Dapat isaad ng karatula na mananatiling anonymous ang pagkakakilanlan ng empleyado. Makikita ang halimbawang karatula online sa <https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>.
- **Magpanatili ng talaan ng mga tao sa iyong pagtitipon, kung sakaling mapag-alamang may COVID-19 ang isa sa ibang pagkakataon.** Posibleng mahawahan ng mga taong may COVID-19 ang ibang tao nang hanggang 2 araw bago sila magkaroon ng mga sintomas o magpositibo sa pagsusuri. Dapat tulungan ng mga host ang mga awtoridad sa pampublikong kalusugan sa mga pagsusumikap sa contact tracing kung sakaling magkaroon ng COVID-19 ang isang dumalo. Maaari tayong makatulong na maiwasan ang transmisyong COVID-19 sa pamamagitan ng contact tracing na nakakatulong na matukoy ang mga taong posibleng nalantad dito at pagtulong sa kanila na mag-quarantine upang hindi nila aksidenteng maikalat ang sakit.
 - Panatilihin ang attendance/mga iskedyul ng lahat ng tauhan sa iyong organisasyon sa loob ng hanggang tatlong linggo.



- Isaalang-alang na magpanatili ng listahan ng mga kalahok na handang magbigay ng kanilang mga pangalan sa loob ng tatlong linggo pagkatapos ng isang event. Hindi na dapat gamitin ang anumang listahan pagkatapos ng tatlong linggo (maliban na lang kung nagpapanatili ang iyong negosyo ng mga nasabing talaan sa ordinaryong pagpapatakbo ng negosyo).
- Subukang magpanatili ng updated na listahan ng contact para maalertuhan ang mga dumalo kapag may potensyal na pagkalantad sa virus.
- Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang <https://covid19.ca.gov/contact-tracing>.
- Sundin ang mga alituntunin ng SFDPH tungkol sa “[COVID-19 Positive At Workplace](#)” (Positibo sa COVID-19 sa Lugar ng Trabaho) kung mayroong sinuman sa iyong pagtitipon na magpopositibo sa pagsusuri para sa COVID-19.

Kung magho-host ka ng Indoor na Panrelihiyon/Pangkulturang Pagtitipon, dapat mo ring gawin ang mga sumusunod:

- **Magpaskil ng mga karatula tungkol sa mas malaking panganib ng COVID-19 kapag nasa loob ng mga gusali.** Magpaskil ng [Karatulang Inaprubahan ng SFDPH](#), na nagsasaad ng mga sumusunod:
 - Naipapasa ang COVID-19 sa pamamagitan ng hangin at mas mataas ang panganib ng pagkakahawa sa mga indoor na lugar.
 - Dapat iwasan ng mga nakatatanda at iyong mga may panganib sa kalusugan ang mga indoor na lugar na maraming tao.
 - Ang maximum na kapasidad ng espasyo at maximum na kapasidad na kasalukuyang pinahihintulutan sa ilalim ng Utos na Manatiling Mas Ligtas sa Bahay (Stay-Safer-At-Home Order).
- **Tiyaking may magandang bentilasyon ang mga indoor na espasyo.**
Nakokontrol ng magandang bentilasyon ang mga droplet at particle na may nakakahawang sakit upang maiwasan ang transmisyong COVID-19 sa pamamagitan ng:
 - *pag-aalis sa kuwarto ng mga droplet at particle sa hangin;*
 - *pagpapalabnaw sa konsentrasyon ng mga droplet at particle sa pamamagitan ng pagdaragdag ng sariwa at hindi kontaminadong hangin;*
 - *pag-filter sa hangin sa kuwarto na nag-aalis ng mga droplet at particle sa hangin.*
 - Sumunod sa mga protokol sa bentilasyon na nakasaad sa Seksyon 4.i ng [Stay-Safer-At-Home Order \(Utos sa Kalusugan na Manatiling Mas Ligtas sa Bahay\)](#), kabilang ang pagsuri at pagsunod sa [Ventilation Guidance \(Gabay sa Bentilasyon\) ng SFDPH](#).
 - Magpatupad ng maraming pagpapahusay sa [Ventilation Guide \(Gabay sa Bentilasyon\)](#) hangga't maaari. Magpanatili ng kopya na may mga tala ng Gabay sa Bentilasyon na nagpapakita kung aling mga partikular na pagpapahusay ang isinaalang-alang at ipinatupad.
 - Gawin ang anumang kinakailangang pagpapahusay sa bentilasyon ng establisimyento, kabilang ang:
 - Dagdagan ang natural na bentilasyon sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga bintana at pintuan kapag posible batay sa mga kondisyon sa kapaligiran, at kung pinapahintulutan ng mga kinakailangan sa kaligtasan sa sunog at gusali. Hindi dapat naka-ipit o nakabukas ang mga pinto para sa sunog.



- Kung may HVAC system,
 - Tiyaking sinusuri at gumagana nang maayos ang mga HVAC system.
 - Suriin ang mga posibilidad ng pag-upgrade sa mga pinakamabisang filter sa hangin.
 - Pataasin ang porsiyento ng hangin mula sa labas sa pamamagitan ng HVAC system, pag-adjust o pag-override sa mga damper para sa muling pagpapaikot ng hangin ("economizer").
 - I-disable ang mga kontrol sa bentilasyon na nakabatay sa demand, na nagbabawas ng supply ng hangin batay sa temperatura o dami ng tao.
 - Isaalang-alang na patakbuhan ang sistema ng bentilasyon ng gusali kahit walang tao upang masulit ang bentilasyon. Bilang minimum, i-reset ang sistema ng bentilasyon na pinapatakbo ng timer para magsimulang tumakbo ang mga iyon 1-2 oras bago buksan ang gusali at 2-3 oras pagkatapos isara ang gusali.
- Isaalang-alang na mag-install ng mga portable na air cleaner (mga "HEPA filter").
- Kung gumagamit ang establisimyento ng mga nakatayong bentilador o bentilador na nakakabit sa pader, isaayos ang direksyon ng mga bentilador para mabawasan ang pag-ihip ng hangin mula sa espasyo ng isang indibidwal papunta sa ibang tao.

Para sa higit pang impormasyon at karagdagang mapagkukunan, mangyaring tingnan ang sumusunod: Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH): www.sfdcp.org/COVID-ventilation.

- **Ihinto ang indoor na pagkanta, pag-chant, pagsigaw, at mga wind instrument.** Kasalukuyang hindi pinapayagan ng Estado ng California ang mga aktibidad na ito sa loob ng mga gusali.


Bilang host/organizer, paano ko pa mapapanatiling ligtas hangga't maaari ang aming pagtitipon?

- Huwag palampasin sa 2 oras ang tagal ng pagtitipon, kahit sa labas ito ginaganap. Kapag mas maikli ito, mas ligtas ito.
- Iwasan ang mga aktibidad na may mataas na panganib gaya ng pagkanta, pag-chant, pagsigaw, at pagtugtog ng mga wind o brass instrument, kahit sa labas. Mas maraming respiratory droplet ang nagagawa sa mga aktibidad, na nagpapataas ng panganib ng COVID-19. Tumingin pa sa ilalim ng *"Paano magagawa nang mas ligtas ang pagkanta, pag-chant, pagsigaw, at pagtugtog ng mga wind o brass instrument?"*
- Isulong ang pagpapabakuna laban sa trangkaso. Mahalaga ang mga bakuna para sa trangkaso sa laban kontra COVID-19 dahil (1) napapanatiling malusog ang mga manggagawa at komunidad at (2) nababawasan ang kinakaharap ng ating pangangalagang pangkalusugan at mga sistema ng pagsusuring tumutugon sa COVID-19. Magpaskil ng karatula para hikayatin ang mga tauhan at kalahok na magpabakuna laban sa trangkaso. Tumingin ng higit pang impormasyon sa <http://sfdcp.org/flu>.

Ano pa ang magagawa ko para mabawasan ang panganib ng aming indoor na pagtitipon?

Bilang karagdagan sa mga pag-iingat na nakasaad sa *"Paano ko magagawang ligtas hangga't maaari ang isang pagtitipon?"*

- Tiyaking alam ng mga tauhan at kalahok na higit na mas mataas ang panganib para sa COVID-19 ng mga indoor na pagtitipon kaysa mga outdoor na pagtitipon, upang makapagpasya sila kung makakadalo sila nang ligtas.



- Isaalang-alang na gumawa ng mga pagbabago para bawasan ang pagkukumpulan ng tao at gawing mas madali ang physical distancing para sa mga tao mula sa iba't ibang sambahayan. Kabilang sa mga halimbawa ang paglilipat ng mga podium, pagtataguyod ng mga pisikal na harang, paglalagay ng harang na tape o paglilipat ng mga upuan, pagtukoy ng mga daanan para sa paglalakad sa mga lugar kung saan nagdarasal o lumuluhod sa sahig ang mga kalahok, at pagbabawal ng pagpunta sa mga common area.
- Gumawa ng mga pagbabago para mabawasan ang paghawak sa mga madalas hawakang surface, halimbawa, sa pamamagitan ng pagpapanatiling bukas ng mga pinto ng banyo para mabawasan ang paghawak sa mga hawakan ng pinto.
- Maglagay ng hand sanitizer o istasyon ng paghuhugas ng kamay sa mga pasukan at labasan.
- Ihinto ang paggamit ng mga lalagyan ng tubig, benditahan, fountain, at lababo para sa mga layunin ng seremonya na ginagamit ng lahat.
- Palaging linisin at i-disinfect ang mga bahaging ginagamit ng maraming tao at madalas hawakan, kasama ang mga banyo.

Maaari ba akong mag-host ng higit sa isang pagtitipon sa parehong araw?


Oo, basta't iiskedyul mo ang mga pagtitipon nang may sapat na pagitan para hindi magkasama-sama ang mga kalahok mula sa magkakaibang pagtitipon, at may oras ka para linisin/i-disinfect ang mga madalas hawakang bahagi sa pagitan ng mga pagtitipon.

- Dapat maglaan ang mga host ng hindi bababa sa 20 minutong pagitan para sa mga outdoor na pagtitipon, at 30 minutong pagitan para sa mga indoor na pagtitipon, para makapaglaan ng oras para sa paglabas ng mga kalahok at para makapaglinis/makapag-disinfect ang mga tauhan.
- Sa pagitan ng mga pagtitipon, dapat gawin ng mga tauhan ang mga sumusunod:
 - Linisin at i-sanitize ang mga madalas hawakang surface;
 - Linisin, i-sanitize, at/o palitan ang anumang damit na marurumihan o magiging kontaminado ng mga likido mula sa katawan bago gamitin ang mga ito para sa pagtitipon sa ibang pagkakataon;
 - Maingat na hugasan o i-sanitize ang kanilang mga kamay.
- Hindi maaaring magsagawa ang mga host ng mahigit sa isang Outdoor na Pagtitipon sa isang lokasyon nang magkasabay.
- **Hindi** maaaring isagawa ng mga host ang mga indoor at outdoor na pagtitipon nang magkasabay para mas maraming tao ang makadalo sa isang pagtitipon (hal., indoor at outdoor na kasal o libing).

Maaari ba akong magsagawa ng mahigit sa isang indoor na pagtitipon para sa pagsamba o pangkulturang seremonya nang magkasabay sa malaking pasilidad?

Oo, maaari kang magsagawa ng magkakasabay o halos magkakasabay na pagtitipon kung matutugunan ang lahat ng sumusunod na kundisyon:

- Dapat isagawa ang bawat pagtitipon sa sarili nitong pisikal na nakahiwalay na espasyo, sa magkakaibang gusali man, o sa magkakaibang kuwarto na pinaghihiwalay ng mga dingding na selyado mula sa lapag hanggang sa kisame. Hindi maaaring gumamit ng mga partition para hatiin ang indoor na espasyo para sa dalawang magkaibang pagtitipon.
- Hindi maaaring magkasama-sama ang mga kalahok mula sa magkakaibang pagtitipon.




- Dapat gumamit ng magkakahiwalay na pasukan at labasan ang magkakaibang pagtitipon. Kung mayroon lang isang pasukan at labasan na ginagamit ng lahat, dapat tiyakin ng Host na hindi papasok o lalabas nang magkakasabay ang mga kalahok mula sa magkakaibang pagtitipon, halimbawa, sa pamamagitan ng pag-iiba-iba sa mga oras ng pagsisimula at pagtatapos.
- Hindi maaaring magpalipat-lipat sa mga pagtitipon ang mga tauhan at kalahok.
- Dapat bumuo ang host ng nakasulat na plano para ilarawan kung paano niya mapipigilan na magkasama-sama ang mga tao sa magkakaibang pagtitipon, gaya ng nakabalangkas sa Seksyon 4.1.3 ng Direktiba sa Indoor na Pagsamba.
- Sa pangkalahatan, panatilihin sarado sa mga kalahok ang mga lugar na hindi nakalaan para sa isang indoor na pagtitipon, maliban na lang kung hayagang pinahihintulutan sa ilalim ng Utos na Manatiling Mas Ligtas sa Bahay.

Maaari bang magtrabaho sa site ang mga tauhan na hindi kasali sa pagtitipon habang may nagaganap na pagtitipon?

Oo. Pinapayagan ang mga tauhang magtrabaho sa loob ng pasilidad habang maraming indoor na pagtitipon ang nangyayari hangga't nasusunod ng mga tauhan ang mga panuntunan para sa Direktiba sa Mga Pasilidad ng Opisina ng Negosyong Nagpapatakbo at Utos na Manatiling Mas Ligtas sa Bahay.

Maaari ba kaming kumain o uminom sa mga pagtitipon?

- Pinapayagan ang pagkain at pag-inom sa **Mga Outdoor na Pagtitipon para sa Pagkain**, sa **Mga Drive-in na Pagtitipon**, at bilang bahagi ng **mga seremonyang panrehilyon o seremonyang nakabatay sa paniniwala**, hangga't ginagawa ito sa paraang nagbabawas sa panganib ng transmisyong COVID-19.
 - Hindi maaaring magaganap ang pagkain at pag-inom kung saan nasa loob ng 6 na talampakan mula sa isa't isa ang mga tauhan at/o kalahok, dahil dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha kapag nasa loob ng 6 na talampakang distansya ang mga tao.
 - Iwasan ang pagdikit o paglapit ng kamay sa bibig sa pagitan ng iba't ibang tao. Ang mga respiratory droplet mula sa bibig ng isang tao ay posibleng mapunta sa kamay ng isa pang tao, na nagpapataas ng panganib ng transmisyong COVID-19.
 - Bilang halimbawa, maaaring nakasuot ng mask sa buong panahon ng mga ritwal ng komyunyon ang pari, habang tumatanggap ang mga kalahok ng komyunyon sa kamay at palayo sa iba para ibaba sandali ang kanilang mask para ilagay ang sakramentong tinapay sa dila (panoorin ang halimbawang video: www.youtube.com/watch?v=Q8tg8A5jmP0).
- Hindi dapat uminom mula sa iisang baso o tasa ang mga tao mula sa magkakaibang sambahayan. Hindi rin sila dapat maghiraman ng mga kubyertos. Kung naghihiraman ng mga baso, tasa, o kubyertos, dapat i-disinfect ang mga ito sa pagitan ng mga sambahayan, at dapat ding hugasan o i-disinfect ng sinumang humahawak sa pinaghahatiang bagay ang kanyang mga kamay.
- Hindi pinapayagan ang self-service na pagkain, mga potluck, o magkakaharap na pagkain na may mga pinaghahainang plato o dispenser ng inumin na ginagamit ng lahat.



Dapat ba kaming magsuot ng mga mask/ pantakip sa mukha sa lahat ng oras?

- Dapat kayong magsuot ng mga mask gaya ng tinutukoy sa Utos na Magsuot ng Pantakip sa Mukha.
- Lalong mahalaga ang angkop na paggamit ng mga pantakip sa mukha kapag nasa mga pagtitipong may mas mataas na panganib, gaya kapag nasa loob ng mga gusali.
- Maaaring alisin sandali ang mga pantakip sa mukha habang kumakain o umiinom, gayunpaman, dapat panatilihin nasusunod ang angkop na social distancing, Kung ang pagtatanggal ng mga pantakip sa mukha/mask ay mahalaga sa isang ritwal o seremonya, maaari lang tanggalin sandali ng isang tao ang kanyang pantakip sa mukha kung (1) magpapanatili siya ng social distance at hindi magsasalita, bibigkas, magcha-chant, sisigaw, o kakanta; o (2) ilalayo niya ang kanyang sarili mula sa lahat ng ibang tao para magsalita o bumigkas, gaya ng pagsasalita sa loob ng saradong kuwarto o sa likod ng plastik o salaming harang o face shield nang hindi lalampas sa 12 pulgada mula sa bibig ng nagsasalita at higit sa 12 talampakan mula sa ibang tao.


Paano ang camping, mga pagluluto sa labas, o mga BBQ?

- Magdala ng sarili mong mga supply, kasama ang sabon, mga disinfectant, hand sanitizer, paper towel, atbp.
- Huwag makipaghiraman ng mga BBQ o outdoor na ihawan sa mga taong hindi mo kasama sa bahay. Linisin nang madalas ang lahat ng istasyon.
- Kung magka-camp kasama ng mga taong hindi mo kasama sa iyong sambahayan, isaalang-alang ang pagbubukod (pag-isolate) ng sarili sa loob ng 14 na araw bago at pagkatapos nito kung malapitan kang makikipag-ugnayan sa mga taong kasama mong mag-camp.
 - Ang “close contact” ay tinutukoy ng CDC bilang ang pagiging mas malapit sa 6 na talampakan ng isang taong nahawahan sa loob ng pinagsama-samang kabuuang 15 minuto sa loob ng 24 na oras) nang 2 araw bago magsimula ang sakit (para sa mga taong walang sintomas, nangangahulugan itong 2 araw bago sila nasuri; www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/php/contact-tracing/contact-tracing-plan/appendix.html#contact).

Maaari ba kaming kumanta, mag-chant, sumigaw, o tumugtog ng mga wind instrument sa aming pagtitipon?

Ang mga Espesyal na Outdoor na Pagtitipon at Drive-in na Pagtitipon ay maaaring magkaroon ng pagkanta, pag-chant, pagsigaw, o mga wind instrument, kung matutugunan ang lahat ng sumusunod na kundisyon:

- Isang tao lang ang maaaring kumanta, mag-chant, sumigaw, o tumugtog ng wind instrument sa isang pagkakataon. Hindi pinapayagan ang pagkanta, pag-chant, pagsigaw, o pagtugtog ng wind instrument ng grupo.
- Ang taong nagsasagawa ng aktibidad ay dapat mayroong hindi bababa sa **12 talampakang layo** mula sa sinupamang tao.
- Ang taong kumakanta, nagcha-chant, o sumisigaw ay dapat palaging may suot na **Pantakip sa Mukha**.
- Ang mga kampana at/o butas ng wind instrument kung saan lumalabas ang hangin o tunog ay dapat palaging tinatakan ng mask/ibang tela.
- Kapag pinapayagan ang mga aktibidad na ito, isaalang-alang ang mga sumusunod para mabawasan ang panganib:
 - Tiyaking ang pagtatanghal ay nasa isang malaki at may maayos na bentilasyong lugar (tingnan ang www.sfcddp.org/COVID-ventilation).



- Paikliin ang oras na ginugugol sa mga aktibidad na ito.
- Kumanta, mag-chant, sumigaw, o tumugtog ng mga wind instrument nang mas mahina, para mas kaunti ang magawang mga respiratory droplet. Isaalang-alang na gumamit ng mga amplifier.
- Isaalang-alang na magkaroon ng pisikal na harang sa pagitan ng nagtatanghal at iba pang tao.
- Sabihan ang mga nagtatanghal na iposisyon ang mga sarili nila para hindi nakatapat sa Mga Kalahok ang mga boses at hanging lumalabas mula sa mga instrumento (halimbawa, pagtalikurin sa isa't isa)
- Hikayatin ang mga nagtatanghal na magpasuri para sa COVID-19 sa petsang pinakamalapit sa araw ng pagtatanghal hangga't maaari, nang isinasaalang-alang ang tagal ng pagbalik ng resulta para sa pagsusuri. Maaaring magpasuri ang mga tao sa kanilang regular na provider ng pangangalagang pangkalusugan o sa CityTestSF (<https://sf.gov/citytestsf>).
- Higit na mag-ingat para matiyak na walang sintomas ng COVID-19 ang mga nagtatanghal at hindi sila “malapitang nakikipag-ugnayan” sa taong may COVID-19. Tingnan ang www.sfcddp.org/screeningvisitors.
- Para sa mga wind/brass instrument:
 - Dapat palaging naka-mask ang mga nagtatanghal hangga't maaari kapag hindi nagtatanghal.
 - Hindi dapat maghiraman ng mga instrumento ang mga indibidwal na mula sa magkakaibang sambahayan.
 - Kung mahalaga sa instrumento, dapat gumamit ang mga nagtatanghal ng malaki, manipis, at may plastik sa loob na pad sa kanilang dibdib at hita para kolektahin nito ang talsik na laway.

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon

Mga kapaki-pakinabang na Mapagkukunan para sa COVID-19 na dapat patuloy na tingnan:

- Gabay ng San Francisco: www.sfcddp.org/covid19
- Mga utos ng Opisyal sa Kalusugan ng San Francisco: www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp
- Mga mapi-print na resource gaya ng karatula: <https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>
- Gabay ng California:
 - <https://covid19.ca.gov/safer-economy/>
 - <https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-places-of-worship.pdf>
- Gabay ng Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC): www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/php/index.html